7i6

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG HUNYO 13, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad - nagpaalam |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 183-T2011**

**KAPASIYAHANG IPINAPATAW ANG KAPARUSAHANG "REPRIMAND" KAY KAPITAN JACINTO TENIDO NG BARANGAY SAN PABLO SUR, BAYANG ITO HINGGIL SA REKLAMONG IDINULOG LABAN SA KANYA NI G. SABINO BUEMIO AT G. CONRADO HERNANDEZ TUNGKOL SA PAG-ABUSO SA KAPANGYARIHAN.**

**SAPAGKA'T**, tinanggap at napatalang Kaso-Administratibo Blg. 1-T2011 ang reklamong isinampa ni G. Sabino Buemio at G. Conrado Hernandez laban kay Punong Barangay Jacinto Tenido hinggil sa pag-abuso sa kapangyarihan;

**SAPAGKA'T**, ito ay dumaan sa pagdinig ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan bilang isang Quasi-Judicial Body;

**SAPAGKA'T**, matapos ang pagdinig, at pag-aaral, lumalabas na hindi makatwirang agad na damputin at dalahin sa Pulisya ang isang taong may nilabag sa ordinansa, bagkus ay idaan muna sa barangay upang pagpaliwanagan o kaya'y pagsabihan;

**SAPAGKA'T**, sa kadahilanang ito ay nagpasiya ang naturang konseho na irekomenda ang pagpapataw ng kaukulang kaparusahan sa naturang kapitan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Quasi-Judicial Body), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG** : Ipataw ang kaparusahang "Reprimand" kay Kapitan Jacinto Tenido sa reklamong idinulog laban sa kanya ni G. Sabino Buemio at G. Conrado Hernandez tungkol sa pag-abuso sa kapangyarihan batay sa pag-aaral at desisyong nasusulat dito.

## D E S I S Y O N

### I. PANGYAYARI

Noong Marso 7, 2011 iniharap sa Sang. Bayan ang isang reklamo nina G. Conrado Hernandez at Sabino Buemio laban kina Punong Barangay Jacinto Tenido at Kag. Joey Ching ng Barangay San Pablo Sur at ito'y napatalang Kaso Administratibo Blg. 1 – Pag-abuso sa Kapangyarihan.

Sa sinumpaang salaysay at pahayag ng mga nagrereklamo, noong Pebrero 13, 2011 sila ay ipinahuli ni Punong Barangay Jacinto Tenido matapos silang sitahin sa kanilang pag-iinuman dahil sa may ordinansang bawal mag-inom sa kalsada. Labag man sa kanilang kalooban, sila ay sumama at dinala sa Himpilan ng Pulisya. Anila, wala namang nangyayaring kaguluhan o panggugulo kundi sinita lamang sila sa pag-iinuman. Wala anilang, mga taga roon na nagreklamong sila ay nanggulo o nakakaperwisyo habang sila ay nag-iinuman.

salaysay pa rin nina G. Sabino Buemio at Conrado Hernandez, nalaman nila sa Himpilan ng Pulisya na sila ay ipinablotter nina Punong Barangay Jacinto Tenido at Joey Ching at mga kasama, sa reklamong alarm and scandal. Sila ay pinilit na papirmahin sa isang kasunduan na nangangakong hindi na uulit sa nagawang paglabag na ibinibintang sa kanila. Labag man sa kanilang kalooban, sila ay napilitang pumirma sa kagustuhan matapos na ang pangyayaring iyon at makauwi na ng bahay.

Nang humarap sa Quasi-judicial body, ipinarating ni G. Sabino Buemio na kaya humantong sa kaso sa Sangguniang Bayan, ay dahilan sa matapos ang naganap noong Pebrero 13, 2011, makaraan ang isang araw, ang kanyang maybahay na si Gng. Jennieline Buemio ay biglang pinuntahan ni Punong Barangay Tenido, na doon ay maraming sinabi ang naturang Punong Barangay hanggang sa hindi sila magkaunawaan, na humantong sa paglalakas-loob ni Punong Barangay Tenido na hamuning idemanda siya. Dahil dito si Gng. Buemio ay inatake, ninerbiyos. Tiniyak ni G. Sabino Buemio na nagdesisyon silang mag-asawa na ituloy ang reklamo sapagkat hindi maganda ang ginagampanan ni Punong Barangay Tenido bilang namumuno sa barangay. Ito, anya'y, upang hindi na tularan ng mga naghahangad manungkulan sa maliit na barangay, ang maling sistema sa pagpapatupad ng batas.

Sa naging tugon nina Punong Barangay Jacinto Tenido at Kag. Joey Ching, kanilang pinasinungalingan ang reklamo sa kanila nina G. Sabino Buemio at Conrado Hernandez.

Ayon kay Punong Barangay Jacinto Tenido, noong Pebrero 13, 2011, kanyang nakita sina G. Sabino Buemio, Conrado Hernandez at isa pang lalaki na nag-iinom ng alak sa kalsada, kaya't kanyang pinaalalahanan ang mga ito na bawal mag-inom sa kalsada. Ngunit hindi siya pinakinggan ng mga ito, sa halip ay nagtanong nang nagagalit pa. Tumawag siya ng pulis, na nagpaliwanag kina G. Sabino Buemio na bawal talagang mag-inom sa kalsada.

Ayon naman kay Kag. Joey Ching, noong Pebrero 12, 2011, kanyang namonitor sa handheld radio at narinig ang boses ni Punong Barangay Jacinto Tenido na tumatawag sa kapulisan at humihingi ng tulong dahil kaniyang sinisita ang nag-iinuman sa kalsada, ngunit ayaw makinig. Siya ay nagtungo sa lugar at namagitan para ayusin ang problema, ngunit nagkaroon ng paulit-ulit na pagtatanong si G. Sabino Buemio tungkol sa ordinansang pambayang nagbabawal sa pag-iinom sa kalsada. Nang tumanggi si G. Buemio na sumama sa barangay upang kanyang ipakita ang ordinansa, kanya itong *sinabihang doon na lang sa Himpilan ng Pulisya* pumunta upang maipaliwanag ng mga pulis na talagang bawal mag-inom sa kalsada, ngunit hinanapan siya ng warrant of arrest, kaya't nagsigawan ang mga tao sa paligid.

Sa mga salaysay pa rin nina Punong Barangay Jacinto Tenido at kay Joey Ching sa himpilan ng pulisya, humingi ng paumanhin sina G. Sabino Buemio at Conrado Hernandez, at sila'y kusang-loob na pumirma sa "log book / blotter" na nangangakong hindi na mauulit ang nangyari.

Sinabi pa ng mga inirereklamo na sila ay nagpapatupad lamang ng batas na ipinaiiral ng pambayang kautusan.

Tungkol sa pagpunta ni Punong Barangay Jacinto Tenido sa bahay nina G. Sabino Buemio, ito'y dahil sa may usapan silang ipapakita niya ang ordinansa. Kanyang sinabi kay Gng. Jennieline Buemio na saka na sila mag-uusap, wala siyang planong makipagtalo sa babae, umalis siya.

Nang tanungin si G. Sabino Buemio na kung maaari pa silang magkasundo, ang naging tugon ay hindi na sila pwedeng magkasundo dahil sa idinulot na abala at kahihiyan at ang kanyang mga anak ay nagkaroon ng trauma.

## II. PAG-AARAL / OBSERBASYON

Sa isinagawang pagdinig / summary proceedings sa reklamo, napatunayan ang mga sumusunod:

Agad ay dinala sa Himpilan ng Pulisya sina G. Sabino Buemio at Conrado Hernandez nang sila ay sitahin sa kanilang pag-iinom sa kalsada. Tama na may ordinansang pambayan, ngunit ang kailangan ay magkaroon muna ng unang patawag, pangalawang patawag, pangatlong patawag, saka idedemanda ang lumabag sa ordinansa.

Dapat idaan muna sa barangay para pag-usapan at sundin ang proseso.

Kung nag-iinuman at wala namang away, hindi kailangang pumunta agad sa kapulisan para ipadampot ang nag-iinuman. Ang pagpapatawag ng pulis ay kapag inaaresto ang isang tao na nagre-resist ito.

## III. PASIYA

Sapagkat hindi makatwirang ang isang mamamayan sa barangay na may nilabag na ordinansang pambayan ay agad damputin at dalhin sa Himpilan ng Pulisya, sa halip na ito ay dalhin muna sa barangay upang doon muna pagsabihan o pagpaliwanagan hinggil sa ordinansang kanyang nilabag, ang Kgg. Punong Barangay Jacinto Tenido ay pinapatawan ng parusang "**REPRIMAND**" upang siya'y pangaralan na sa mga pagkakataong katulad ng nangyari kina G. Sabino Buemio at Conrado Hernandez, kailangang idaan muna ito sa barangay para pag-usapan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, Punong Barangay Jacinto Tenido, G. Sabino Buemio, G. Conrado Hernandez at Liga ng mga Barangay, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hunyo 13, 2011**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

**KGG. RAMON D. TAN**
Kagawad

**KGG. FLORENCIO C. ODEJAR**
Kagawad

**KGG. RIZALDY N. KALAW**
Kagawad

**KGG. LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**KGG. JUN M. ASINAS**
Kagawad

**KGG. ROLANDO MOISES E. ACAPULCO**
Kagawad

**KGG. SERAFIN C. SAN JUAN, JR.**
Kagawad

**KGG. RONALD P. OBLIGACION**
Kagawad

**KGG. JOSE MAURO D. GABINETE**
Kagawad

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo